1

# Lingguhang Aralin sa MAKABANSA

Kuwarter 1

Linggo 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | 1 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipapaliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nakakanta ang "Lupang Hinirang" | Natutukoy ang kahalagahan ng pagkanta ng Lupang Hinirang bilang Karapatan at tungkulin ng mga mag-aaral. | Nabibigkas ng wasto ang "Panatang Makabayan" | Natutukoy ang kahalagahan ng pagbigkas ng Panatang Makabayan bilang Karapatan at tungkulin ng mga mag aaral. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| II. NILALAMAN/PAKSA | ANG BAWAT TAO AY NATATANGI | | | |
|---|---|---|---|---|
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan - Kagamitan ng Mag aaral Tagalog pahina 125-175 | Araling Panlipunan - Kagamitan ng Mag aaral Tagalog pahina 125-175 | Araling Panlipunan - Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog pahina 125- 160 | Araling Panlipunan - Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog pahina 125-165 tagalog pahina Araling Pa Language from the moment of |
| B. *Iba pang Kagamitan* | Aklat, video, video clip | Aklat, video clip | Aklat, video clip | Aklat, larawan |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin: "Ngayong araw, malalaman natin kung paano ang wastong pag-awit ng "Lupang Hinirang". | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin: "Ngayong araw, malalaman natin ang kahalagahan ng pagkanta ng Lupang Hinirang bilang tungkulin ng bawat mag-aaral." | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin: "Ngayong araw ipakikita ko naman sa inyo ang tamang pagbigkas ng Panatang Makabayan." | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin: "Ngayong araw ay ating aalamin ang kahalagahan ng pagbigkas ng Panatang Makabayan bilang tungkulin ninyo bilang mag-aaral." |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/ Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br><br>*Flag ceremony*<br>*Lupang Hinirang*<br>*Pambansang Awit*<br>Pagpapakita ng video ng Lupang Hinirang na may liriko.<br>https://youtu.be/6vBWzP2n_5Y?si=dH52ncgctBX cJ8U9 | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br>*Makabayan*<br>*Iwagayway*<br>*Magpugay*<br>*Ialay*<br>*Kompositor*<br>2. Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap o pagpapakita ng tunay na larawan. | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br>*Lupang*<br>*sinilangan lahi*<br>*marangal*<br>*pangarap*<br>*pagsisikap*<br>2.Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap o pagpapakita ng tunay na larawan.<br>*Pagpapakita ng isang video clip sa youtube kung paano pinahahalagahan ang tamang pagbigkas ng bagong Panatang Makabayan.*<br>*https://www.yo u* | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br>*Panata*<br>*Karangalan*<br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap o pagpapakita ng tunay na larawan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | tube.com/watch? v =OGwE6kpLujo<br>Ipapaliwanag ng guro na binago ng DepEd ang isang salita sa Panatang Makabayan, pinalitan ang salitang "nagdarasal" ng "nananalangin"<br><br>dahil ito ay isang katutubong salita. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakikita sa pamamagitan ng tsart ang liriko ng Lupang Hinirang. Sino sa inyo ang mahusay nang bumasa? Kaya nyo na bang basahin ang liriko ng Lupang Hinirang na nakasulat sa tsart?<br>.<br>Kung walang marunong magbasa, ang guro muna ang | Babasahin ng guro ang tula kung hindi pa kayang basahin ng mga bata.<br>Tula :<br>**MAKABAYAN**<br>**Ana N. Calisura**<br>Ang ating Pambansang Awit ay "Lupang Hinirang" Ating awitin ng buong paggalang Ikaw man ay naglalakad kahit | Ipapaliwanag ng guro ang bawat saknong ng Panatang Makabayan<br><br>habang binabasa kung hindi pa ito kayang basahin ng mga mag aaral.<br><br>**Pana tang Makabayan**<br>Iniibig ko ang Pilipinas, aking lupang sinilangan tahanan ng | Ipaliwanag na ang *Panatang Makabayan* ay ang panunumpa sa watawat na binibigkas ng mga mag-aaral pagkaraang awitin ang Pambansang Awit.<br>Ang pagbigkas ng panunumpa sa watawat ay pagkilala Sa pagiging makabans a at pagpapakita ng paggalang sa watawat bilang sagisag ng kalayaan ng isang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magbabasa at ipauulit sa mga bata. Ipabasa sa mga bata ng may gabay ng guro ang mga nakasaad na salita sa awitin. | saan Ipakita pagiging makabayan. Tumatayo ng tuwid at magpugay Ilagay sa dibdib ang kanang kamay Tingnan ang watawat habang iwinawagayway. Pagmamahal sa bayan ating ialay. Tungkol saan ang tula? Bilang bata, ano ang tungkulin mo o mga bagay na dapat mong gawin bilang pagpapahalaga habang inaawit ang Lupang Hinirang? | aking lahi; Kinukupkop ako at tinutulungang maging malakas, masipag at marangal. Dahil mahal ko ang Pilipinas, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang, Susundin ko ang tuntunin ng paaralan, Tutuparin ko ang tungkulin ng mamamayang makabayan; Naglilingkod, nag aaral, at nananalangin nang buong katapatan. Iaalay ko ang aking buhay, pangarap, pagsisikap sa bansang Pilipinas. | bansa. Layunin nito na pag alabin ang diwang makabayan ng mga kabataang Pilipino upang maglingkod sila ng tapat sa bayan at maging mabuting mamamayan . Ipapaliwang ang detalye ng mga salita sa Panatang Makabayan at ipapaliwanag sa mga mag-aaral kung bakit kailangan nilang bigyan ito ng pagpapahalaga. |
| *Pagpapaunlad* | Iparirinig muli ang Lupang Hinirang | Ipakikita ang larawan ng mga | Ipakita ang larawan ng | Sabihin na ang isang Panata ay isang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | (audio). Habang nakikinig ang mga mag-aaral, ituturo ng guro ang mga salita (liriko) sa tsart. Gabayan ang mga bata upang mabigkas nang tama ang liriko at maaari ring sabayan ng kumpas ng guro. Una, bigkasin ang bawat parirala. Pangalawa, sabayan ang bawat parirala ng kumpas. Muling iparinig ang tamang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang YouTube. | bata habang umaawit ng Lupang Hinirang.<br><br>Sabihin:<br>Kung ating gagawin ito, ilagay sa ating mga puso at isipan, lalo na sa mga kabataan, ang kahalagahan ng pagiging makabayan. Kasunod ng pagiging makabayan ay ang pagiging disiplinado ng mga Pilipino. | mga bata habang binibigkas ang Panatang Makabayan.<br><br>Hayaan ang mga mag-aaral na sumunod sa guro habang binibigkas niya ng tama ang Panatang Makabayan. Maaring Maaaring pangkatan ang pagbigkas at maaari rin na isahan. | Pangako at tuwing nagsasabi ng panata ang isang tao, ang ibig sabihin nito ay nangangako ka sa isang tao o sa isang grupo na tutuparin mo ang anumang ipinangako mo.<br><br>Kanino tayo nangangako? Bakit ginagawa natin ito? |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Hayaan ang mga bata na sumabay sa guro sa pag-awit nito. Gawin ito sa pamamagitan ng pag-awit sa bawat parirala o taludtod. Ipapaliwanag din na ang pamagat ng ating Pambansang Awit | Ipaliwanag na ang LUPANG HINIRANG ang ating Pambansang Awit ay naaayon sa orihinal na gawa ni Maestro Julian Felipe, isang makabayang kompositor at musikero na | Ipaunawa sa mga mag-aaral na sa pagbigkas ng Panatang Makabayan alalahanin ang mga sumusunod:<br>1.Isaulo ang Panatang Makabayan. | Ipaliwanag na may tatlong bahagi ang Panata — ang pagkalinga ng bayan, ang magagawa mo para sa bayan, at ang pangakong maging huwarang mamamayan. Bago pa tayo ipanganak, nariyan na ang bayang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ay "Lupang Hinirang". Ipapaliwanag na **ang Flag Ceremony** ay ang pagtaas ng ating bandila sa mga paaralan, gusaling pampubliko o pribado, kasabay ang pag awit ng "Lupang Hinirang". Ipapaliwanag ng guro na tungkulin ng mag aaral ang tamang pag awit ng Lupang Hinirang.<br>Sabihin ang mga dapat gawin kapag inaawit ito.<br>1.Isaisip at isapuso ang Lupang Hinirang habang ito'y inaawit.<br>2.Tumayo nang ng tuwid, at ilagay ang kanang kamay sa dibdib habang umaawit.<br>3. Kung naglalakad, huminto at ilagay ang kanang kamay sa dibdib habang umaawit bilang paggalang at pagpugay. | kumatha ng ating Pambansang Awit. Martsa ang kumpas ng Lupang Hinirang. Bilang mag-aaral, karapatan mong makapag-aral. Tungkulin mo ring igalang ang watawat sa pamamagitan ng pag-awit nang wasto sa tuwing itinataas ito. Ayon sa batas, dapat isaulo ang mga titik ng Lupang Hinirang ng mga mag-aaral at awitin ito sa tamang kumpas.<br>1. Sino ang kompositor ng ating Pambansang Awit ?<br>2. Ano ang kumpas nito?<br>3. Bakit Kailangang pahalagahan ang tamang pag-awit ng Lupang Hinirang?<br>*Note: walang bilang ang mga tanong kaya nilagyan ko.* | 2.Tumayo nang tuwid at itaas ang kanang kamay.<br>3. Bigkasin nang may damdamin ang bawat saknong nito.<br>4. Ibaba ang kamay matapos itong bigkasin.<br>5. Iwasan ang pakikipag kwentuhan sa katabi habang binibigkas ito. | kumupkop sa atin upang magkaroon tayo ng pagkakakilanlan. Marami tayong Karapatan at tungkulin na dapat gampanan. Kailangan din nating magsikap upang maging mabuting mamamayan. Paano natin ngayon sisimulan na mahalin ang ating bayan**?** Unahin mong kalingain ang mas malapit sa kinalalagyan mo. Nangunguna diyan ang iyong pamilya. Sa bahay dapat magsimula ang pagtulong sa kapwa. Ang pagsunod at paggalang sa iyong magulang ay tanda ng pagmamahal mo sa Diyos. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Tingnan nang buong paggalang ang watawat habang ito ay itinataas. | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Tandaan: Ang bawat Pilipino ay may katungkulang isapuso, isaisip at isagawa ang mga nakapaloob na alituntunin sa Pambansang Awit ng Pilipinas. Bawat mag-aaral ay may tungkulin na awitin ng wasto ang Lupang Hinirang at magbigay galang habang inaawit ito. | Bilang mag-aaral mapapahalagah an mo ang iyong mga tungkulin sa pag-awit ng Lupang Hinirang sa pamamagitan ng mga sumusunod: 1.Awitin ito ng may tamang kumpas. 2. Isaulo ang wastong liriko nito. 3. Awitin ito ng may damdamin. 4. Makibahagi tuwing may flag ceremony . | Bakit kailangan natin bigkasin ng wasto ang Panatang Makabayan? Ano-ano ang mga dapat gawin habang binibigkas ito? | Ipaliwanag din sa bata na ang Panatang Makabayan ay napakahalaga sa bawat mag-aaral dahil ito ang ating pagkakakilanlan bilan g isang Pilipino na dapat igalang at irespeto. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang ipinapakitang gawi habang umaawit ng "Lupang Hinirang" at malungk | Lagyan ng tsek / kung tama ang tinutukoy na pagpapahalaga bilang karapatan at tungkulin sa pag-awit ng Lupang Hinirang at X | Punan ng angkop na salita habang binibigkas nang wasto ang Panatang Makabayan. Piliin ang mga | **Treasure Box** Guro: Sa loob ng treasure box ay may larawan ng iba't ibang pagpapahalaga sa Panatang Makabayan. Bilang bahagi ng |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ot na mukha ☻ kung mali.<br>___1. Tumayo nang tuwid, at ilagay ang kanang kamay sa kaliwang dibdib habang umaawit ng Lupang Hinirang.<br>______2. Maaaring magkwentuhan habang umaawit ng Lupang Hinirang.<br>___ 3. Kung naglalakad, huminto, tumayo nang tuwid, ilagay ang kanang kamay sa dibdib,<br>at awitin ang Lupang Hinirang.<br>___ 4. Bigkasin nang wasto ang mga parirala habang umaawit.<br>___ 5. Lakasan ang boses at tumawa habang umaawit ng pambansang awit ng Pilipinas | kung hindi.<br>____1. Awitin Nang may tamang kumpas ang Lupang Hinirang.<br>____2.Makibahagi tuwing may Flag Ceremony.<br>____3.Umawit ng marahan lamang upang hindi makaistorbo.<br>_____4.Awitin ng may wastong liriko.<br>______5. Awitin ito ng may damdamin. | angkop na salita sa ibaba.<br>Pilipinas<br>Pagsisikap<br>Magulang<br>Nanalangin<br>Sinilangan<br>Lahi<br>Tinutulungan<br>Marangal<br>Paaralan<br>**Panatang Makabayan**<br>Iniibig ko ang __________,<br>aking lupang __________<br>tahanan ng aking _____;<br>Kinukupkop ako at __________ upang<br>maging malakas, masipag at ______.<br>Dahil mahal ko ang ________,<br>diringgin ko ang payo ng aking mga ________,<br>Susundin ko ang tuntunin ng ________,<br>Tutuparin ko ang tungkulin | ating tungkulin at karapatan. Bawat bata ay bubunot ng larawan. Ipapakita ang kilos at sasabihin niya kung tamang gawin o hindi.<br>Larawan ng mga sumusunod<br>1. Batang nakatayo ng tuwid at nakataas ang kanang kamay.<br>2. Batang Scouts na may dalang watawat para sa flag ceremony.<br>3. Mga taong naglalakad sa kalsada na biglang huminto ng makitang itinataas ang watawat.<br>4. Nagkukuwentuhan ang mga bata habang binibigkas ang Panatang Makabayan.<br>5. Inaawit ng may puso at pagmamahal ang Lupang Hinirang at binibigkas ang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ng mamamayang ______; Naglilingkod, nag aaral, at ______ nang buong katapatan. Iaalay ko ang aking buhay, pangarap, _______ sa bansang Pilipinas. | Panatang akabayan ng may puso at damdamin. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Isaulo ang liriko ng Lupang Hinirang | Gumupit ng larawan na nagpapakita ng kahalagahan ng wastong pag - awit ng Lupang Hinirang. | Isaulo ang Panatang Makabayan. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph